MGA BENEPISYO NG VA SURVIVOR at ANG PACT ACT

Maaari kang maging kwalipikado para sa mga benepisyo at serbisyo ng VA kapag pumanaw ang iyong mahal sa buhay.

Pinapadali ng PACT Act para sa maraming nakaligtas na makatanggap ng Dependency and Indemnity Compensation (DIC).

Makikipag-ugnayan ang VA sa mga survivor na dating natanggihan ng mga benepisyo ng DIC at maaaring kwalipikado na sa ilalim ng PACT Act. Hindi mo kailangang hintayin na makipag-ugnayan sa iyo ang VA para magsumite ng claim.

Paano Mag-apply para sa DIC at/o Mga Naipong Benepisyo

Maaaring mag-aplpy ang mga buhay na miyembro ng pamilya para sa mga benepisyong ito gamit ang naaangkop na VA form sa **va.gov/family-member-benefits**.

Dependency and Indemnity Compensation

Buwanang bayad para sa kwalipikadong buhay na asawa, mga dependent na anak, o (mga) magulang ng Beterano o miyembro ng serbisyo KUNG namatay ang Beterano o miyembro ng serbisyo dahil sa tungkulin o dahil sa pinsala o karamdamang nauugnay sa serbisyo.

Mga Naipong Benepisyo

Isang beses na pagbabayad sa buhay na asawa, (mga) dependent na anak, o (mga) dependent na magulang ng isang namatay na Beterano batay sa relasyon kapag ang talaan ay nagpapakita ng mga karagdagang benepisyo (tulad ng compensation sa VA o pensiyon) dahil sa pagpanaw ng Beterano.

Mga Karagdagang Benepisyo ng Survivor na Available:

Mga Burial at Burial Allowance

Kasama sa available na mga burial benefit ang isang libingan sa alinman sa ating mga Pambansang sementeryo na may magagamit na espasyo, pagbubukas at pagsasara ng puntod, walang hanggang pangangalaga, lapida ng pamahalaan, marker, o medalyon, burial flag, at Presidential Memorial Certificate, nang walang bayad. Ang ilang mga survivor ay maaari ring maging kwalipikado para sa isang plot allowance, allowance sa transportasyon, at mga burial allowance batay sa katayuan ng kapansanan na konektado sa serbisyo ng namatay na Beterano.

Edukasyon at Pagsasanay

Ang mga benepisyo sa Kabanata 35 at Fry Scholarship ay ang dalawang pangunahing programa ng GI Bill na nag-aalok ng tulong na pang-edukasyon sa mga survivor at dependent ng mga Beterano na namatay dahil sa tungkulin o bilang resulta ng mga kapansanan na nauugnay sa serbisyo.

Huling Buwanang Bayad

Kung ang isang Beterano na tumatanggap ng compensation sa VA o mga benepisyo ng pensiyon ay pumanaw, ang kanilang huling buwan ng mga benepisyo ay maaaring ibayad sa kaniyang buhay na asawa.

Garantiya sa Pautang na Bahay

Available ang Certificate of Eligibility para sa mga buhay na asawa na tumatanggap ng DIC.

Health Care

Ang mga survivor at dependent ng mga Beterano ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa health care, tulad ng CHAMPVA.

VA | U.S. Department of Veterans Affairs

Alamin ang higit pa at mag-sign up sa **VA.gov/PACT**
I-download ang **VA Health and Benefits App**
Tumawag sa 1-800-MyVA411 (1-800-698-2411)
Maghanap ng VA sa **VA.gov/find-locations/**